# DI NILA KAYANG GAWIN ANG LAHAT

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,*
*Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,*
*Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Awwalin wal Akhirin,*
*Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,*
*Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.*
*Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Binigyan tayo ng Allah Azza wa Jalla ng magandang lugar. Etong lugar natin ang sentro ng mundo. Maraming gustong sumakop dito dati at mas gusto nila sakupin ngayon dahil huling araw na. Akala nila ay magagawa nila ang gusto nilang mga patibong at kasamaan. Sasamahan ng Allah ang mga mahal niya dahil sa mga duwaa nila. Walang dapat ikabahala.

وَمَكَرُوا۟ وَمَكَرَ اللّٰهُ

"Wamakaru wamakarallah" (Sura Aal Imran:54) "They set a trap and Allah set a trap." Gagawin ng Allah kung ano ang gusto niya. Maaring gawin ng mga masasamang tao na yun ang masamang bagay pero di sila magtatagumpay dahil tutulungan ng Allah ang kaniyang mga Awliya at mga nagbibigay respeto sa Nabi Muhammad(saw). Hangga't ang mga silang mabubuti ay patuloy na nagsisilbi sa Allah, sumusunod sa kanyang utos, tutulungan sila ng Allah at walang makakasakit sa kanila. Ito ang mangyayari at di magbabago. Walang makapagbabago dito.

May mga tao na gumagawa lamang ng salita, sasabihing dumating na ang ganito sa atin at dumating na iyon. Di nila kailangan gawin iyon at magtiwala sa Allah. Kasama natin ang Allah at walang dapat katakutan. Nawa'y di alisin ng Allah ang pagmamahal sa ating mga puso at nawa'y patuloy ang pagmamahal natin sa mga Awliya at Propeta Muhammad(saw) insha Allah. Ito ang ating dakilang sandata at wala silang magagawa.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
21 September 2016/19 Zulhijja 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah